



## GABAY SA PAGTATANIM NG **ORGANIKONG AMPALAYA**



### PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Maganda ang tubo ng halaman sa mabuhangin o mabuhanging-banlik na lupa na may maraming organikong bagay at my pH na 6.0-7.0. Mahalagang hindi tinigilan ng tubig ang lupa.

Maaari itong itanim anumang buwan ng taon sa maiinit na lugar na may temperaturang 24-27°C.

### PAGPILI NG BINHI

Karaniwang itinanim ang mga binhing Sta. Rita at 'Native' subalit nirerekomenda ang Sta. Rita at Makiling para sa organikong pagtatanim.



### PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng pahalang ng isa o dalawang beses. Gumawa ng mga tudling na may pagitan na 1.5-4.0 m depende sa klase ng balag na gagamitin. Haluan ng binulok na dumi ng hayop ang mga itinaas na kamang taniman.

Maglagay ng mulch na plastik upang makontrol ang pagtubo ng damo at mapanatili ang pagkabasa ng lupa. Gumawa ng mga butas na may pagitan na 0.5-0.75 m. Maaari ring gawing mulch ang dayami at mga pinutol na damo.



Ang ampalaya (*Momordica charantia* L.) ay ang pinaka-kilalang gulay na ginagamit bilang gamot sa diabetes at mga komplikasyon nito gaya ng katarata at sakit sa bato. Bukod pa dito, ang resulta ng ibang pag-aaral ay nagpapakita na maaari rin itong gawing lunas sa sakit na kanser. Sagana ito sa mga bitaminang A, B12, at C, calcium, folic acid, at phosphorus. Nagtataglay din ito ng bitamina E, potassium at zinc. Kadalasang kinakain ng hilaw o luto ang mga murang bunga ng ampalaya ngunit maaari ring kainin ang talbos at bulaklak nito.



### PAGTATANIM

Maglaan ng 2-3 kg ng buto para sa isang ektarya. Gupitin nang bahagya ang matigas na parte ng buto para sumibol ang mga ito. Magtanim ng 1-2 na butong sumibol kada tundos na may pagitan na 0.5-0.75 m. Maaari ring pasibulin ang mga buto sa seedling tray ng 2 linggo upang makatipid sa oras at dami ng butong gagamitin. Diligan ang mga tundos bago at pagkatapos ng pagtatanim.

Maglagay ng kawayang balag na paggagapangan ng mga halaman. Ang mga klaseng 'A' at table na balag ang mainam para sa pagtubo ng ampalaya.



### PANGANGALAGA

Putulin ang mga sangang hindi malusog at itira ang may maayos na pagtubo para sa mataas na ani.

Maghalo ng 3 tonelada kada ektarya na binulok na dumi ng hayop o vermicompost sa taniman o sa bawat tundos bago itanim ang mga buto o punla. Magdagdag ng binulok na dumi ng hayop o vermicompost tuwing ika 3 o 4 na linggo depende sa panahon o tubo ng mga halaman.



### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank [www.pinoyrice.com](http://www.pinoyrice.com)  
rice\_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





Maaari ring gumamit ng compost tea, manure tea, fermented plant juice (FPJ), fermented fruit juice (FFJ), fish amino acid, at calcium phosphate.

Sa tag-ulan, magdilig lamang kung kinakailangan. Diligan ang taniman bago itanim ang mga buto at 4-5 na araw pagkatapos itanim ang mga ito. Ang susunod na dilig ay gawin tuwing isang linggo.

Ang pagdadamo ay ginagawa ng 2-3 beses simula 30 araw pagkatanim. Kung gagamit ng mulch, magtira ng ilang damo sa pagitan ng tudling o putulin lang ang mga ito para mahimok ang mga kaibigang kulisap.



### PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang pinaka-mapaminsalang peste ng ampalaya ay ang langaw (*Bactrocera cucurbitae*) na nangingitlog sa loob ng prutas at ang mga nagiging uod ay nakakasira at nakakabulok ng mga bunga. Maglagay ng mga bitag na may methyl eugenol o pinaghalong suka o tuba at molasses. Kabilang din ang dapulak (*Aphis gossypii*) at uwang (*Aulcophora similis*) sa mga peste ng ampalaya. Balutan ng net na nylon ang mga bulaklak at kolektahin ang mga nasirang prutas upang maiwasan ang pagdami ng mga peste. Magtanim din ng amalrilyo, kosmos, at basil sa paligid para maitaboy ang mga peste.

Pangunahing sakit naman ang pagkalanta sanhi ng bakteryang na namamalagi sa lupa. Upang maiwasan ito, maaaring idugsong ang ampalaya sa patola o upo. Magtanim din ng ibang uri ng gulay maliban sa sitaw sa mga susunod na panahon ng taniman. Ang ilan pang sakit ng ampalaya ay ampalaya mosaic virus, amag, at namamarako.



Langaw o fruitfly (*Bactrocera cucurbitae*)



Dapulak o aphids (*Aphis gossypii*)



### PAG-AANI

Inaabot ng 55-60 araw mula pagkatanim o kung ang mga bunga ay malutong na at kulay berde bago ang unang pag-ani. Ang susunod na pag-ani ng bunga ay ginagawa tuwing ika tatlong araw sapagkat mabilis mahinog ang mga ito. Anihin ang mga bunga sa umaga at ilagay sa lilim. Nagtatagal ng 4-5 na buwan ang pag-aani kung maganda ang pamamahala ng halaman.

### MGA PINAGHALAWAN

BAKARE RI, MAGBAGBEOLA OA, AKINWANDE AI, OKUNOWO OW. 2010. Nutritional and chemical evaluation of *Momordica charantia*. *Journal of Medicinal Plants Research* Vol. 4(21): 2189-2193.

[BAR] Bureau of Agricultural Research. 2012. Ampalaya. AgFishTech Portal: Vegetables. Petsa ng pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa <http://www.bar.gov.ph/agfishtech-home/crops/207-vegetables/1285-ampalaya>.

GROVER JK, YADAV SP. 2004. Pharmacological actions and potential uses of *Momordica charantia*: a review. *Journal of Ethnopharmacology* 93: 123-132.

JOSEPH B, JINI D. 2013. Antidiabetic effects of *Momordica charantia* (bitter melon) and its medicinal potency. *Asian Pac J Trop Dis* 3(2): 93-102.

MAMARIL VR, SICAT SR, SISON E, BUÑO TS. 2013. Ampalaya Production Guide. Department of Agriculture – Bureau of Plant Industry (DA – BPI). 14p. Petsa ng pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa [http://bpi.da.gov.ph/pdf/publication/production\\_guide/PRODUCTIONGUIDE-AMPALAYA.pdf](http://bpi.da.gov.ph/pdf/publication/production_guide/PRODUCTIONGUIDE-AMPALAYA.pdf).

[PCAARRD] Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development. 2014. Organic Ampalaya Production (Pulyeto). PCAARRD Information Bulletin No. 41.

### MGA LARAWAN

[www.nutrihealth.in](http://www.nutrihealth.in)

[www.freefarm.org](http://www.freefarm.org)

<http://www.africamuseum.be>

<http://www7.inra.fr/hyppz/IMAGES/7030691.jpg>